

Mga Alitaptap sa North Avenue

Rijel Reyes

Sinilip ko ang alitaptap sa pagitan ng mga palad.
Liliwanag.
Didilim.

Unang beses ko siyang nakita sa malaking bukid sa dulo ng Mindanao Avenue Extension. Nadadaan kapag galing o papuntang Quezon City Memorial Circle at Monumento. Halos katapat lang ‘to ng SM North na mas kilala pa dati bilang SM West. Nakatalikod sa amin ang mga billboard ng mga pelikula nina Bong Revilla Jr., Cindy Rothrock, Machete na ginagampanan ni Gardo Versoza, action film ni Robin Padilla, at iilang pelikulang bomba. Halos nakaguhit pa lahat ng billboard tulad ng karamihang poster sa mga independent theaters.

Pasaglit-saglit tinatakpan ng mga ulap ang hugis-ngiting buwan. Kumikindat-kindat ang mga bituin. Gusto na kaming pauwiin ng mga kuliglig. May mga asong tumatahol sa kalauyan.

Dumating ang iba pang bata. May dalang sari-sariling garapon.

Umihip ang isang malamig na hangin. Sumayaw ang mga kumpol ng kawayan. Nakisali ang eucalyptus. Nasuklay ang mga talahib.

Liliwanag.

Didilim.

“Tulungan mo naman ako manghuli ng alitaptap,” sabi ng batang bae.

Pinanood ko siyang hulihin ang isang alitaptap gamit ang dalawang kamay. Inuulit-ulit niya ang ginagawa. Unti-unting lumalayo ang mga kislap.

“Wag ka kasi maingay. Paisa-isa lang. Panoorin mo muna sila.”

Tumingin siya sa ‘kin. Huminto siya sa ginagawa. Saka siya mabagal na naglakad palayo, papunta sa mas maraming kislap.

“Gamitin mo ‘yung isa mong kamay saka ‘yung garapon.”

“Gagamitin ko ‘yung isa kong kamay saka garapon. Tama!”

May alitaptap. Tahimik siyang nagmasid. Naghabol siya ng tingin. Si-nusubukan niyang hulaan kung saan lalabas ang susunod na kislap.

Huli.

Sinara niya ang garapon.

“Gusto ko pa ng isa.”

Inulit niya ... at inulit ... at inulit.

“Salamat,” sabi ng batang babae.

Nag-aalikabok ang lupa sa pagtakbo niya papunta sa mga bahay-bahay na barong-barong.

Kung ako man ‘yung nilingon niya bago siya maglaho sa dilim, hindi ko na nalaman.

Liliwanag.

Didilim.

Magtatakip-silim. Isa’t kalahating dekada na ang lumipas. Kung saan ulit kami nagtagpo, ni hindi ko matandaan kung bakit at kung paano ako nakatulog. Basta may bigla na lang mga yabag ng paakyat at pababa ng hagdan. Pagsampal ng tsinelas sa talampakan at sakong. Paglabas ng hangin pagpreno ng tren. Tunog na naghuhudyat ng pagbukas ng pinto ng mga bagon. Takbuhan. Pag-ikot ng roller ng makinang lumulunok ng ticket. Pagsupot ng biniling doughnut. Pagkalukot ng isang plastic cup. Malakas na pag-ubo.

Last station. North Avenue Station.

Pagtili ng isang babaeng muntikan madulas. Pag-iyak ng isang bata. Kaskas ng gitara ng gitaristang bulag sa may overpass. Pagsigaw ng Malanday, Novaliches Bayan, ng mga kundoktor. Businahan ng mga sasakyan.

Businahan. Businahan. At marami pang businahan.

“Okay ka lang? Namumutla ka.”

Kaming dalawa lang ang nakaupo sa bench katapat ng pintuan ng tren. Hawak niya ang cellphone sa isang kamay at may kendi naman sa kabila na akmang ibibigay sa ‘kin.

Naka-navy blue na palda at puting blouse na may lambda. Kaeskuwela ko. Morena. Mas mababa lang nang kaunti sa braso ang buhok. Hinawi niya ang buhok kaya nakita kong may tatlong hikaw siya sa kanang tenga. Nasa pagitan ng pango at matangos ang kanyang ilong. May maliliit na balahibong pusa sa itaas ng labi.

Tinanong niya kung kumain na ‘ko. Hindi pa ‘ka ko kahit almusal. Tumanggi ako nang ayain niya ‘kong kumain sa may mobile mamihan sa baba ng istasyon. Una, pamasaha na lang ang meron ako, at pangalawa, nakakahiya. Kakakilala ko lang sa kanya. *Ulit.*

Sa huli, napilit niya rin akong sumama sa kanya. Kung bakit siya desididong ilibre ako, papangunahan ko na ‘tong kuwento kung sasabihin ko na kaagad sa inyo.

Dalisay Daya ang pangalan niya. Isay na lang daw ang itawag ko sa kanya.

Kakaibang kaming dalawa pa lang ang nasa mamihan. ‘Yung mga tao, sa tusok-tusok sa malapit dumidiskarte. Pagkatapos kami hainan ni manong mami, matagal niya ring tinitigan si Isay. Tinitigan ang mami sa tapat namin na parang hindi ‘to makapaniwalang may kasama siyang ulik-bang matangkad.

“Saan ka umuuwi?” tanong niya, mahina ang boses, pagkatapos niyang lagyan ng hot sauce at magtaktak ng paminta sa mami.

Humihigop na ‘ko ng sabaw. Tinuro ko ang gawing likuran ng Tri-Noma, katapat ng Landmark, kung saan tinatayo ang ilang bagong gusali ng Avida. Agad ko ring binawi.

“Ay sa ano pala, sa Nayong Kanluran. Sa may West Ave, malapit sa Delta.”

Ngumiti siya. “Bakit parang hindi ka sure?” Hindi siya tumitingin sa ‘kin.

Pinaliwanag ko kay Isay na nakasanayan kong ituro kung saan ang dating haybol. Naikuwento kong kasama kami sa maraming pamilyang na-

dislocate nang ma-demolish ang squatters area na pinagtitirikan na ngayon ng mga bagong gusali para maging condo unit ng mga maykaya.

“Taga-squatters na nag-aaral sa private university?” pabiro niyang tanong. Nakatingin sa lanyard at ID na nakasabit sa ‘kin.

“Stereotype,” sabi ko. “Ilan kaming iskolar ni congressman. ‘Yung mga medyo matataas na grade nu’ng hayskul, kinukuha niyang iskolar basta mamimintena ‘yung mga grade.”

“Ta’s ‘pag nakatapos kayo, kukunin kayong alila,” tumawa siya. Sumubo ng noodles.

Ilang ulit pang subo bago siya magtanong ulit.

“Nanghuhuli ka ba ng alitaptap dati du’n? tinuro niya ang nasa likuran ng TriNoma. Alam ko ‘yun, malamang. Bukid pa dati bago gawing open parking ng mall. Katapat ng Veteran’s Golf Club. Kaso ngayon, wala na ring parking. Binubungkal na ang lupa para patayuan ng bagong gusali, o extension ata ng TriNoma.

Tumango ako. “Lahat naman ata kami sa looban trip ‘yun dati.”

“Taga du’n din ako dati. Pero isang beses lang ako nanghuli ng alitaptap. Hindi kasi ‘ko pinapayagan lumabas pag gabi na. Tumakas lang ako nu’n. Pag-uwi ko nga, pinagpapalo pa ‘ko ng mama ng walis,” hinawakan niya ng dalawang kamay ang mangkok at hinigop ang natitirang sabaw. “Namumukhaan kita, eh. Kaya lumapit din ako sa ‘yo kanina.”

Nagpalagay pa siya ng sabaw kay manong mami.

“Ikaw saan ka umuwi?” tanong ko.

“Magkalapit lang tayo. Sa may Baler lang ako. Du’n sa may Shell. Stoplight.”

“Sabay na tayo niyan?”

“Ubusin ko muna ‘to, okay lang?”

Nagpanggap lang pala na may pera. Nilibre ako ng mami pero wala na siyang pang-uwi. Sabi ko, sumakay na kami ng pa-Quiapo na jeep at sagot ko na ang bayad niya. Sasabit na lang ako pero ayaw. Maglakad na lang daw kami hanggang Baler. Saka na lang ako sumakay mula ru’n. Bahala na ‘ka ko. Lakad kung lakad. Pambawi ko na rin sa kanya para sa meryenda.

Tulad ko, third year college na si Isay. Journalism sa Unibersidad Sa Tubig. Ako, CommArts. Mantakin niyong hindi kami nagkita kahit isang beses sa loob ng halos tatlong taon?

Galing siyang Taft Avenue, sa Visprint Publishing, dahil du'n ginanap ang isang session ng Fiction Writing Clinic sa ilalim ng nobelistang si Oreo Ayala. Kung minsan daw sa UST, kung minsan sa Mang Inasal, kung minsan sa KFC, kung minsan kung saan man abutan.

Ako raw, saan galing. Galing 'ka kong Makati. Nag-walk-in sa mga BPO companies para mag-apply bilang CSR o TSR. Bakit aniya. Mawawala na 'ka ko 'yung scholarship ko. Hindi ako nakaabot sa required grade ng scho-program ni cong. Matagal na kung tutuusin. Nadadaan ko lang sa pakiusap. Ito, natuluyan na.

Tatal nakatapos naman ng hayskul at nakapagkolehiyo, babatakin ko na lang ang katawan para sa paspasang trabaho at aral nang sabay. Sastre ang tatay, modista ang nanay, ayaw nila ng mananahing anak.

Medyo ilang pa 'ko kaya hindi ako gaano matanong tungkol sa kanya.

“So, anong gusto mo mangyari sa life?” bigla niyang naitanong.

“Gusto ko lang maging maykaya. ‘Yung makaraos. Kapag nakaraos na, saka ko na pag-iisipan kung ano ulit gusto kong mangyari.”

“Good answer,” nagbuntong hininga si Isay. “Ako, I want to be a writer. Obviously. Pero naglalakad pa 'ko sa pagitan ng dalawang bangin.”

Gusto ko sanang tanungin kung anong ibig niya sabihin pero nagkusa rin siya na parang nababasa kung anong nasa isip ko.

“Dito, as a fictionist,” tinuro niya ang dinadaan ko. “Dito as an essayist. O CNF. Creative Non-Fictionist,” tinuro niya ang nilalakaran niya. “The reason, boring. Next time na lang.”

Hindi pa rin siya tumitingin sa 'kin nang diretso. May pasulyap-sulyap pero parang may tinitingnan siyang iba sa likuran ko kapag nagagawi ang mukha niya sa direksyon ko. Parang may hinahanap. Parang nag-iingat.

Pareho kaming hindi nagsalita pag'tapos nu'n.

Mahabang patlang.

“Uy, dito na 'ko, ha?” kumanan siya sa may Shell, pababa ng Baler. Sumulyap siya saglit at tumingin sa mga mata ko. Ngumiti at nagpasalamat. Ganu'n din ako.

Sumigaw ako. “Gusto mo ihatid kita hanggang sa inyo?”

Lumungon ulit siya. Tumingin sa paligid. Umiling at naglakad palayo na parang hindi kami nag-usap tungkol sa mga kurot ng parte ng kabataan at pagsilip nang kaunti sa kinabukasan.

Ilang jeep na biyaheng pa-Quiapo, Kalaw, Pier ang lumampas pero hindi ako sumakay. Hindi ko rin alam kung bakit. Naglakad ako. Naglakad nang naglakad.

Alam niyo ‘yung pakiramdam na may mali? Lagi naman, di ba? Madalas alam nating may mali. Pero hindi natin alam kung ano.

Ito, alam ko. At atin-atin lang ‘to. Marami-rami rin akong nalalaman tungkol kay Isay sa tuwing nagkakasama kami. Minsan hindi ko maintindihan kung bakit kailangang kaming dalawa lang palagi, okay rin namang kasama si Isay. Good okay o bad okay? Medyo nasa good side naman.

Isa pang napansin ko tuwing magkikita kami, para akong laging second option. Ang first choice, pag-aaral. Pero siya na lang nagsabi nu’n. Madalas pagkatapos ng research papers, ng write-ups para sa major subjects, projects ng minor subjects, o kaya wala siyang makasamang mga kaklase, saka lang niya ‘ko inaaya. Hindi ko rin naman mahindian.

Balik tayo sa nasabi kong kaming dalawa lang palagi. Nagawa niyang dalhin ako sa paborito niyang mga kanto at eski-eskinita. Sampol, sa Maynila, tuwing natataon na pareho kaming ginabi, nagpapasama siya lagi sa ‘kin sa madidilim at madalas walang taong lugar sa palibot ng UST.

Sa kanto ng Alfredo, sa Dapitan, kunwari. Hindi naman sa walang tao pero mangilan-ngilan lang ang nagagawi sa kalye magmula nang mag-sara ang Almer’s na may unlimited gravy kapag umorder ka ng prito o sizzling ulam. Gabi. Requirement ata ‘yun. Kailangan gabi. Mga bandang a las otso hanggang a las nuebe. Sa ilalim ng malasapot ng gagambang mga kable ng kuryente ng Alfredo, naikuwento niya sa ‘kin ang tungkol sa mga lalaking nakasama niya sa kama.

“Virgin ka ba?” tanong niya sa ‘kin. “Mas gusto ko ‘yung virgin. Alam mo kung bakit? Kasi gusto ko mas dominante ako. I want control. Kapag kasi marunong na, well, paano kung sadista pala? Tapos ayaw mo nu’n? At saka mas intense ‘yung mga amateur, don’t you think?”

“Pa’no mo nasabi?” kinuha ko ang sigarilyo kay Isay at huminitit.

Nang malaman kong gusto na palang tumigil ni Isay manigarilyo. Pero nahihirapan siyang bitawan ang bisyo sa tuwing lalabas na ng UST.

Nagboluntaryo akong tulungan siya. Wag ‘ka ko siyang sisindi hangga’t wala ako. At kapag kasama na niya ‘ko, magsasalitan kami ng hitit. Kahit papaano, makakalahati ko ang sanang isang stick ng yosi, o higit pa, na uu-pusin niya.

“Experience,” kinuha niya sa ‘kin ang sigarilyo at kumindat. “Apat na beses pa lang naman. ‘Yung una ko, Indian, eh. 5-6. Si Fah Tush. May utang kasi ‘yung nanay ko du’n. E, araw-araw na kaming ginugulo, tinatakot na kukunin ‘yung paninda niya sa palengke, kinausap ko. Sabi ko ‘My pussy as payment.’ Tumawa. They don’t accept stale fish daw. Sabi ko. ‘I’m a virgin.’ Nag-iba bigla ‘yung mukha. Nakipagbulungan muna kay Singh Taba, kasama niya. Tapos biglang sila na raw bahala sa lugar. Papakilala daw niya ‘ko kay Gandhi. Pagdating du’n sa tinutuluyan nila, na mukhang hindi kanila, nakigamit lang, ayos din naman. Biglang sabay silang nagbaba ng pantalon. So, ayun. Nakilala ko si Gandhi... saka si Nehru.”

“Hindi ka nagsumbong?”

Tumawa si Isay.

“Why? Tell me. After that, hindi na nila kami ginulo. Ang simple-simple ng kapalit. Nagdudugong kiki lang naman at puwit.”

“Eh, ‘yung iba?”

“Si Petrob Supot. Virgin. Kalbo na taga sa ‘min du’n sa Project 7. Bagong lipat dati. Niligawan ako. Eh, ayoko ng boyfriend. Kung sex, sex lang. Ayoko na ng kaartehan. Saka may kailangan siya sa ‘kin, may kailangan ako sa kanya. Bigyan niya ‘ko. Pera, relos, bahala siya. Basta bigay muna... ‘Yung huli si Baldo. Kababata ko. Baka kilala mo pa. Siya ‘yung laging nakikipag-away sa looban?”

“Pamilyar. ‘Yung mataba? Kamukha ni Damulag sa Doraemon?”

“Oo. Parang kabayo sa laki pero sobrang bilis naman lumabas ng dila. Fucker ‘yun, eh. Nilasing lang ako nu’n.”

Huling hitit na ng sigarilyo. Sinagad niya hanggang filter. Humarap siya sa ‘kin at nilapit ang mukha.

“Ano? Virgin ka ba?” ngumiti si Isay. Dahan-dahang binuga ang usok sa pagitan ng mga mukha namin. “Sagot.”

Tumango ako. Marahan akong hinalikan.

Mula nu’n, gusto ko na lang siyang laging samahan.

“Samahan mo na ‘ko! Kailangan ko ng setting. Kailangan kong mag-ocular!” Madalas niyang dahilan kapag gusto na naman niyang pumunta sa mga lugar na hindi naman talaga niya madalas puntahan. Pina-panood ni Isay kung anong ginagawa ng mga tao. Pinapakinggan kung anong mga tunog ang meron du’n. Inaamoy kung ano mang nakahalo sa hangin.

Linggo ng gabi. Dinala niya ‘ko sa Paramount—bungad ng West Ave, kanto ng EDSA, isang overpass ang distansya sa SM North at TriNoma, nandu’n ‘yung office ng isang istasyon ng radyo.

Malapit na ang Semana Santa. Bawas na ang tindero’t tindera—ng mga pantali ng buhok, cellphone protector, peke at nakaw na cellphone, dirty chicken, pantalon, t-shirt, jersey, sigarilyo, candy—sa sidewalk at overpass. Nakababa na ang steeldoors ng mga sanglaan. May iilang bumaba at umaakyat ng overpass. May iilang nag-aabang ng bus. May iilang taxi ang hanap. May iilang parang hindi alam kung saan sisibat.

“Bakit ba dito?”

“North Avenue is my setting,” hindi na naman siya tumitingin sa ‘kin.

“Bakit?”

“Roots. Ugat. Kahit anong gawin ko, lumaki ako sa looban. Naging masaya rin naman ako du’n kahit pa’no. May naalala tuloy ako,” humithit si Isay.

Bigla akong kinabahan.

“Nu’ng nasa looban ako, ang nagbabantay talaga sa ‘kin, ‘yung lola ko. Kasi tulog hanggang tanghali si nanay. You know... ‘yun. Tapos ayaw na ayaw akong palabasin ni lola, as in, hatid-sundo ako sa eskuwelahan. Pinaga-aaral lang talaga ako sa loob ng bahay. Pero kapag Friday naman o kaya weekends, pinapayagan ako mag-piko o agawan base, 7-Up, mga ganu’n, di ba? Okay naman pero mas madalas nga ako mag-isa. Kaya naglalaro rin akong mag-isa.

“Sinabi ko kay nanay na gusto ko ng kapatid. Hindi raw puwede. Nagpumilit. Di raw talaga. Siyempre hindi ko pa naiintindihan nu’ng panahon na ‘yun ‘yung gravity ng request ko. Hanggang sa prep ata nu’n? Oo, prep. Nagkaroon ako ng imaginary friend na babae. Kalaro ko magbahay-bahayan, luto-lutuan, etc., etc... Hanggang sa masanay na ‘ko. Feeling ko

may kausap talaga ‘ko. Hanggang sa feeling ko totoo ‘yung mga sagot niya. Madalas na kami mag-usap. Minsan hanggang pagtulog. Nakikita ko siya. Believe me. Tootoo siya,” natigilan siya sa pagsasalita. Tiningnan niya ang sigarilyo sa pagitan ng mga daliri. Mas mahaba na ang upos kesa sa natitirang mahihitit. Pinitik niya ang filter. Humalo sa hangin ang upos. Gumulong ang filter sa sidewalk at tuluyang nalaglag sa gutter.

“Grade school. Nasa may Project 7 na kami. Nakatira na kami kay manong. Du’n sa lalaking madalas dumalaw kay nanay dati. Nakakausap ko pa rin ‘yung imaginary friend ko. Lumala nang lumala ‘yung pag-i-imagine ko na umabot sa point na nakakakita na ako ng maliliit na tao. Duwende? Ewan ko kung duwende ‘yun. Punong-puno ‘yung buong katawan nila ng buhok. Mas mukha silang lumang tao. Java Man, Cave Man, ganu’n. Basta sa bakuran, I used to play with them. Binubungkal ko ‘yung lupa. Nilalagyan ko ‘yung butas ng bigas tapos tinatakpan ng mga dahon. Para daw sa mga alila nilang langgam. ‘Yung mga langgam daw kasi ‘yung nagdadala sa kanila ng bigas.

“Then nagkasakit ako a day pagkatapos ko maligo sa ulan. Hindi ako nakapasok sa school. Tapos nagalit ‘yung mga duwende kasi hindi ako nakapagbigay ng pagkain. Nakikita ko silang nilalagyan nila ng parang paminta ‘yung lugaw na sinusubo sa ‘kin ni nanay. Hindi naman bitter. Hindi rin naman nabago ‘yung lasa. Pero pagkatapos kong maubos, isusuka ko rin lahat. Tapos nagigising ako minsan parang may nananakit sa ‘kin. Pagkakit ko, may mga pasa na ‘ko. Fast forward... pinatawas ako ni lola. Hindi ko na nakita ulit ‘yung mga duwende. Hindi ko na rin nakita ‘yung imaginary friend ko.

“Iyak ako nang iyak nang iyak. Hanggang sa nakaisip ng pakulo si manong. Niregaluhan ako ng manika. Pinakaunang manika na natanggap ko. Medyo kumalma ‘yung batang ako. Hindi na tulad dati pero umiiyak-iyak pa rin minsan. Nalampasan ko rin ‘yun. Hanggang bago mag-high school, kinakausap ko pa rin ‘yung manika.

“Medyo maykaya si manong kaya meron silang sariling kuwarto ni nanay. Ako rin meron. Si lola, nasa kapatid na ni nanay. Ayaw isama ni manong. Medyo kinalungkot ko rin ‘yun. Pero ayun. One night, biglang bumukas ‘yung pinto ko sa kuwarto. Sinilip ko pero hindi ko makita sa dilim pero parang may nakita akong gumagapang papunta sa kama. Hindi ako makasigaw. Parang may bara sa lalamunan ko. Takot na takot ako nu’n.

Hanggang lumubog na ‘yung mga kamay niya sa dulo ng kama. Dahan-dahan. Hanggang sa pati mga tuhod. Hanggang sa takpan ‘yung bibig ko. Hanggang sa umibabaw bigla sa ‘kin.

Walang nagsalita sa ‘ming dalawa. Nakatingin lang sa mga dumadaan na mga sasakyan si Isay.

“So ‘yung kay Gandhi...”

“Hindi ko una ‘yun. I lied. Nagsumbong ako kay nanay pero hindi siya naniwala. Parang ‘yung tungkol lang sa mga duwende.”

Tahimik ulit kami.

“Naulit ‘yun nang naulit. Nu’ng mga panahong nangyayari pa ‘yun, sinabit ko ‘yung regalo sa akin na manika sa likuran ng pinto. Nakabigti sa doorknob. I don’t know. Siguro para may nakakaalam bukod sa ‘kin.”

Mahabang patlang.

“Hanggang ngayon nakabigti pa rin ‘yung manika sa doorknob,” bumunot uli si Isay ng sigarilyo. “Wag ka mag-alala. Wala na si manong. Nakakuha ng trabaho sa ibang bansa. Pinapadalhan na lang kami. Minsan.”

“Bakit ba nauwi sa ganito ‘yung usapan?” pabiro kong tanong.

“Roots. Ugat. My point is, simula nang umalis ako sa looban tapos tumira sa ibang lugar, nawala ‘yung happiness ko dati in the form of imagination. Blah, blah... I’m grateful... and contented... na alam ko na kung anong gusto kong gawin talaga. Every time na nagsusulat ako, parang bumabalik ‘yung feeling nu’ng may imaginary friend pa ‘ko. There comes a point sa pagsusulat na habang tuloy-tuloy ako sa pagbuo ng istorya, hindi na nasusunod ‘yung plano talaga. Bigla na lang nagkakabuhay ‘yung character. Bigla na lang, ‘Ay ito na lang mangyayari.’ Pero actually hindi mo nga ‘yun maiisip. Habang nasa writing process ka, bigla na lang malayo na pala sa draft mo ‘yung kinahihinatnan. Hindi na pala character ang ginagawa mo pero totoong tao na. Well... siguro sa ‘kin lang,” ngumiti si Isay, humitit at inabot sa ‘kin ang yosi pagkatapos.

Pagkatapos ng ilang linggo, hindi ko alam kung bakit ako hinatak ni Isay para ipakilala kay Woody Chua. Matangkad, maputi, chinito, nakasalamin, naka-braces, at may nakasabit na susi sa suksukan ng belt kapag naglalakad. Tatlo kami sa loob ng Fortuner. Sa lakas ng hanging habagat, at

naghihimutok na pantog ng mga alien, tinangay ang Manila Bay at napunta sa Sampaloc.

Palipat-lipat sila ng istasyon sa radyo hanggang sa patayin na lang ni Woody dahil nagtatalo sila sa kung sinong dapat masunod. Control freak. Mapera. Nakuwento sa 'kin ni Isay. Kung sakaling sila nga raw ang magkakatuluyan, malamang sa malamang, hindi niya na kailangang magtrabaho dahil well-secured na kaagad siya. Kailangan niya na lang tumulong sa pag-aasikaso ng isa sa mga ipapamanang hardware at fire station kay Woody Chua.

Halos kalahati ng gulong ng Fortuner ang nakalubog sa baha. 'Yung kasunod naming Civic sa likuran, malamang sa malamang, pinasok na ng tubig. Napapreno si Woody nang biglang tumigil ang nasa harap naming jeep.

"Ready ka na ba?" tumawa si Isay. "Like a Virgin..." Madonna.

Bumusina nang malakas ang Civic. Lumingon si Isay sa 'kin at ngumiti.

Naikuwento rin sa 'kin ni Isay na donselya pa si Woody. Hindi marunong mangarinyo. Minsang nasa sinehan silang dalawa, ni hindi siya mayakap o mahalikan. Nanlalamig ang palad nang maghawak sila ng kamay.

Gumanti si Woody. "Stop, look, and listen, baby..." Elvis.

Si Isay. "Wag kang mag-alala, hindi ako iiyak..." The Flippers.

"I'll make love to you. Like you want me to..." BoyzII Men

"I'm gonna fuck you. You already know..." Akon.

"Nobody wanna see us together..." Akon.

"I don't care what they say, I don't care what they do..." Hale.

Sa bandang Pantranco sa Quezon Avenue, kumanan kami sa Roces. Pinigilan ni Isay si Woody sa gagawin. Baka raw may mga kakilala siya diyan. Marami sa mga kaklase niya, diyan ang takbuan.

Nagsinungaling si Isay. May isa kaming kababata, mas matanda sa 'min, receptionist dito sa Sogo Quezon Ave. Naikuwento niya sa 'kin.

Sa Sogo MRT North Avenue Station kami napadpad.

Sa lobby, pinagtripan ni Isay si Woody. Siya raw ang kumuha ng kuwerto para matuto. Katabi si Isay, binulungan ko siyang hindi puwede sa motel ang tatlong tao sa isang kuwerto na may isang kama. Hindi siya tum-

ingin sa ‘kin.

“Keri ‘yan.”

Hindi ko alam kung tanga o marunong mang-spoil. Regency 2 ang kinuhang kuwarto ni Woody. Pinakamahal na kuwarto kung hindi kasama ang themed rooms.

Salamin ang tatlong pader ng elevator. Nakasandal ang likuran ko sa pinakalikod habang nakasandal naman si Isay sa harapan ni Woody na nakayakap sa kanya. Walang hanggang Isay at Woody sa magkatapat na mga salamin. Ni hindi ko makita ang sarili ko sa eksena.

Pagkatapos isuksok ang keycard sa ilalim ng doorknob, bumukas ang pinto. Sinuksok ni Isay ang keycard sa isang holder malapit sa main switch ng kuryente ng kuwarto. Pagpasok ko sa loob, mabagal niyang sinara ang pinto.

“Bumili ka muna ng pagkain natin, ha? Mag-shower pa naman ako, eh.”

“Nakita ko sa baba puwedeng umorder, ah!”

“Eh! Ayoko dito! Dali na. Maraming pagkain. Basta di galing dito. Ready na ‘ko pagdating mo,” dahan-dahang sinara ni Isay ang pinto. Paunti nang paunti hanggang sa isang guhit na lang sa sahig ang liwanag galing sa pasilyo.

Hindi tumutol si Woody Chua. Narinig ko pa ang mga yabag niya sa labas.

Amoy pinaghalong kalamansi at sigarilyo ang kuwarto. Kulay pula ang malamlam na ilaw ng wall light. Umuugong at kitang-kita ang paglabas ng malamig na hangin sa split type na aircon. Puti ang kobrekama, unan, at kumot. May dalawang pares ng tsinelas sa sahig. May nakaplastik na pares ng tuwalya sa drawer sa tapat ng closet. Napapalibutan ng salamin ang kuwarto. Pati kisame sa taas ng kama, may salamin.

Umupo si Isay sa dulo ng kama. Hindi niya inaalís ang tingin sa ‘kin.

Umupo ako sa tabi niya, nakapatong ang isang binti sa kama para nakaharap sa kanya. Tinanggal niya ang suot na blouse. Tinanggal ang hook ng kulay rosas na bra. Nagtanggap ako ng pantaas. Binaba niya ang zipper sa gilid ng skirt, nilaglag sa sahig. Humiga siya sa kama. Pumasok siya sa loob ng kumot.

“Halika na dito,” yakag ni Isay. Nakangiti.

Tumabi ako sa kanya.

Naligaw ako sa piling ni Isay. Hinayaan niya akong pasukin siya pero hindi ako makapasok. Parang lagi siyang umuusad, tumatakbo, lumilipad habang nananatili akong nakapirmi.

Sa bawat yapos, sa bawat pagdampi ng kanyang mga labi, sa bawat paghawak namin sa isa't isa, sa bawat indak ng aming katawan, sa bawat paglubog at pag-angat ng kutson, sa bawat salitan ng aming paghinga, sa bawat pagkurap ng aming mga mata, bigo akong makita't maramdaman siya.

Nagduda pa ako. Nandito ba ako dahil gusto ko, o nandito ba ako dahil kailangan ko 'tong gustuhin?

At kahit nang makaraos, walang kahit anong emosyon, bakas man ng ligaya o tinta ng lungkot, na nag-enkapsula sa naranasan ko sa piling niya.

Kawalan. Kawalan, na sana ako lang ang nakaramdam.

May doorbell. Sumunod ang isang pamilyar na boses.

Napahinto siya. Naghabol ng hininga.

“Open ‘yan!” sigaw ni Isay.

Para akong hinihigop bigla. At biglang nagdilim ang lahat.

Nagising ako na parang nawalan ng pakiramdam sa oras. May liwanag na nanggagaling sa labas. Bukas ang pinto. May isang bellboy na nagwawalis ng sahig. Hindi tumitingin sa direksyon ko. Madali akong nagbihis at lumabas ng kuwarto. Pagdating sa elevator, hindi gumagana kahit anong pindot ang gawin ko.

Nakabukas ang pinto sa may staircase. Bago bumaba, tumingin ako sa cellphone. Si Isay. Hindi na raw niya 'ko ginising dahil tulog na tulog ako. Saka ko naisip si Woody Chua. Kung anong ginawa nila at ano pang nangyari sa mga oras na nakapaikit ang aking mga mata.

Magre-reply sana ako pero may text na naman galing kay Isay. See you soon.

Susunod ako. Sabi ko sa kanya. Isang Sabado ng gabi, tinanong ako ni Isay kung puwede ko ba siyang samahan. Ipapakilala niya 'ko kay Sir Oreo Ayala. Pumayag ako kahit a las nuebe na ang tapos ng workshop nila. May after workshop daw. Mag-iinuman silang mga anak-anakan ng propesor sa

Tapsi, sa may Asturias sa Dapitan. Sumunod na lang daw ako sa may i-Chill Theater Café sa Dos Castillas kung saan sila magpapababa.

Si Sir Oreo, Isay, at ang dalawang crew na lang ang nasa loob. Mahinang tumutugtog ang *Much Has Been Said* ni Bamboo sa mga speaker. Tumayo ang mga balahibo ko dahil sa lamig ng aircon.

Abala sa hawak na Samsung Tablet si Sir Oreo. Nagpipipindot at pasaglit-saglit na inaayos ang salamin sa mata. Hindi ko alam kung bakit pero panda ang naisip ko nang makita 'to. Itim na itim ang maayos na gupit na buhok, nasa maputing side ng pagiging moreno, nakaitim na polo, at kulay dark green na khaki. Nasa chubby side ng pagiging mataba, at halos kadikit na ng baba ang dibdib kapag nakatuon sa tablet. Hihinto. Titingin-tingin sa kawalan na parang may iniisip bago bumalik sa pagpipipindot.

"Sir, ito pala 'yung sinasabi ko sa inyo..." tinuro ako ni Isay.

"Nasaan?" kumunot ang noo nito saglit. Gusto atang palabasin na kasing dilim ko ang gabi.

"Ah..." uminom ng kape si Sir Oreo. "Kilala mo si Henrik Ibsen?" tanong nito kay Isay.

Ngumiti lang siya. Umiling.

"Playwright. Magaling 'yun. Sabi nila kapag gumagawa 'yun ng character, pumunta 'yun ng park tapos magpi-picnic mag-isa. Du'n niya iniin-terbyu 'yung character niya. Pareho kayo."

Ngumiti lang ulit si Isay.

"Tungkol saan ba 'yung kuwento mo?"

"Yung tittle, *Mga Alitaptap sa North Avenue...* tungkol po sa isang lalaki na lumaki sa looban. Squatters sa may bukid sa TriNoma dati nu'ng hindi pa tapos 'yung MRT. Bali... nu'ng na-demolish 'yung lugar..."

"So 'yung mga tao du'n sana 'yung alitaptap?" sapat ni Sir Oreo. Nakangiti.

Tumango si Isay.

"Hahanapin nu'ng lalaki 'yung mga tao du'n? Magninilay-nilay siya. Existentialist chorva. Malalaman niya na nasa kung saan-saang lugar na sila tapos may punch line siya sa gitna o wakas ng istorya. Parang quote ganu'n, *what happens, happens*. Mga ganu'ng drama?" tumawa nang malakas si Sir Oreo pagkatapos.

“Pa’no niyo nalaman, Sir?”

“Sa isang kuwento mo. Kutob lang. Saka madalas ‘yan sa henerasyon niyo ng mga batang kuwentista. Napansin ko lang.”

“Yung character naman...”

“Anong problema sa character mo?” tumingin si Oreo sa relos sa kanang kamay.

“Parang...”

“Ano na alam mo sa character mo?”

“Kaunti lang...”

“Pa’ngong kaunti?” sumandal si Sir Oreo nang maayos sa upuan. Nag-salubong ang kilay nito. “Pagkuwentuhin mo siya.”

Tumingin sa ‘kin si Isay.

“Magpakilala dapat ‘yang character mo.”

Hindi naalis ang tingin ni Isay. May awa sa mga mata na parang gusto na lang akong pauwiin. May pagsisisi sa mga mata na sana hindi na lang ako tumuloy. Bumunot ng papel si Isay. Nilabas ang bolpen at nagsimulang magsulat. Sinimulan ko naman ang kuwento ko kay sir Oreo ng tungkol sa looban.

Ang tagal ko sa du’n pero halos wala na ‘kong maalala bigla. 2012 lang kami nalipat mula nang ipa-demolish ng Ayala Land at NHA ang looban. Vague. Parang may fog sa loob ng utak ko.

Kulang. Kulang. Kulang.

Ah! May naalala ako. ‘Yung amoy ng 3 in 1 na kape na hinahalo sa mainit na tubig sa isang maliit na baso. Halo. Halo. Halo. Tapos isasalin sa thermos na halos puno ng mainit na tubig. Hati-hati kami kasama ng kapit-bahay. Dadamihan na lang ng asukal pagkasalin sa kanya-kanyang tasa.

Meron pa. ‘Yung isang lata ng Ligo at kalahating kilo ng sayote. Tuwing nagbubukas ng lata, lagi kong inaabangan kung ilang sardinas meron sa loob. Madalas apat lang. Kapag lima, tinatago ko ‘yung isa para sa ‘kin. Gagayatin nang gagayatin ang sayote. Maninipis para mas lalong mukhang marami. Bawang at sibuyas sa kaldero. Ilalagay ang sardinas. Dudurugin ang mga isda para walang lamangan sa hatian. Lalagyan ng tatlong tasang tubig. Ilalagay ang sayote. Hihintaying maluto.

Ano pa ba? Ano pa ba?

‘Yung pila sa poso. ‘Yung mga kulungan ng kalapati sa mga bubong. ‘Yung tahimik na tanghalian dahil may seremonya ang mga mag-asawa. Kaming mga batang amoy alimuom.

Ito lang? Bakit ito lang? Ang dami pang kulang.

“Parang kulang,” inabot ni Isay ang papel na pinagsulatan kay Sir Oreo. “Sorry.”

“Ito lang alam mo sa kanya? Sa looban? Pero taga du’n ka rin dati, di ba?”

Tumango si Isay. “Saglit lang po. Lumipat din kami nu’ng grade 2 ako.”

Nagkamot si Sir Oreo ng likuran ng tenga. Nilapag nito ang papel sa mesa. Malapit sa kamay ni Isay.

“Milieu. Dapat alam mo ‘yung social environment ng sinusulat mo. Dapat alam mo ‘yung kinakain, hinihinga, nadidinig, naaamoy, nararamdaman ng character mo. For example, anong mga pinapakinggan niyang kanta? Paano siya magsalita? Seksuwalidad. Kailan ba ‘tong setting ng kuwento mo?”

“Ngayon po.”

“Nadadaan ba siya ng North Avenue? Ng TriNoma? SM North? Anong nararamdaman o naiisip niya kapag nasa ganu’ng lugar siya knowing na ... ah ... ” tumingala si Sir Oreo na parang may hinahanap sa kisame. Nagpatuloy ‘tong nagsalita kahit nakatingala. “Ang nagmamay-ari ng mga lugar na pinupuntahan niya ay ‘yung mga mismong taong nagpalayas sa kanila? Anong ideology niya sa buhay assuming na medyo nakaraos sila at may means na siya para hanapin ‘yung mga kababata o kakilala? Madami kang kailangan ikonsidera. Pero ito lang ‘yan ...” umayos sa pagkakaupo si Sir Oreo at nilapat ang mga kamay sa mesa, pumapagitan sa mga kamay ang tasa ng kape. “Isulat mo lang ‘yung kaya mong isulat. Isulat mo ‘yung kuwentong ikaw lang ang nakakaalam. Humugot ka sa nakalipas mo kung kailangan pero isipin mong character mo ‘yun, hindi ikaw ‘yun.”

“Ang hirap po kasi. Struggle na paghiwalayin ‘yung totoo sa hindi kapag nagsusulat. ‘Yung feeling na gusto mong magdamot sa kung sino mang magbabasa ng kapisaso ng sarili mo. Well, hindi naman nila malalaman without knowing you personally pero nandu’n kasi ‘yung konsensya at knowledge mo po as a writer na, ‘Hoy, hindi ‘to ‘yung character. Ikaw ‘to.

Hindi na ‘to fiction.’ Well... medyo ganu’n.”

“Ito ba ‘yung dahilan na sinabi mo dati nu’ng hindi mo pa alam kung fictionist o essayist?” tanong ko kay Isay.

Hindi man lang siya tumingin sa ‘kin.

“Ibig sabihin,” sagot ni Sir Oreo kay Isay, “Kailangan mo pa ng research. Immersion kung kailangan. Ganu’n talaga. Doble kayod. Merong nagbabaryo-baryo pa talaga para sa materyal niya sa mga aswang-aswang saka mito. Meron naging spirit questor talaga. Kapag gusto mo talagang full-time magsulat, kailangan mo talaga ng tiyaga. Pero oras talaga...” tumingin si Sir Oreo sa relos. “Mauuna na ako. May labada pa ‘ko.”

“Ay sige po, Sir. Thank you.”

“Mag-taxi ka na pauwi. Anong oras na. Ingat ka, ah. Ay teka pala... bakit mga alitaptap? Anong meron sa mga alitaptap? Mahilig ka ba sa National Geographic?”

Akmang sasagot si Isay pero sinuklian niya na lang ang tanong ng isa pang iling. Ilang minuto lang, tumayo na rin si Isay. Nag-ayos ng gamit at lumabas. Sinundan ko siya pero hindi siya lumilingon sa ‘kin. Pinanood ko siyang maglakad palayo. Hanggang sa tuluyan siyang mawala sa paningin ko.

Nakikita mo ‘yang espasyong ‘yan sa taas nitong binabasa mo? Hu- laan mo kung gaano katagal ‘yang break na ‘yan.

Hindi lang ‘yan araw, hindi linggo, hindi lang isang buwan. Diyan sa pagitan ng dalawang talata, medyo pumuti na ang balat niya, naka-salamin na ang mga mata, may kolorete na ang buhok, napalitan na ng blusang pula sa ilalim ng itim na blazer ang unipormeng may lambda.

Nasa TriNoma ‘ko, sa outdoor area ng Gerry’s Grill, sa third floor, kung saan puwedeng manigarilyo. Nakadungaw ako sa baba. At sa bandang overpass papunta sa dating carpark na tinatayuan na ngayon ng bagong gu- sali, nakatanaw sa ‘kin si Dalisay. Hindi kumaway o hindi tumawag pero sigurado akong siya.

Bumaba ako at tumungo sa kanya.

Nakapuwesto siya malapit sa sulok. May usok na lumabas mula sa nakatalikod niyang mukha. Bahagyang nakatuwad habang nakapatong ang mga siko sa railings ng overpass. Nakatuon ang pansin sa construction site.

“Dalisay.”

Hindi siya lumingon. “Hey.”

“Ang tagal na, ah?”

“Yah. It’s been a while. You want to know how long? Hindi naman talaga ganu’n katagal. Almost a year pa lang. May trabaho na ‘ko sa newspaper under Lifestyle.”

“Ah. Tinuloy mo talaga? Nice,” sinandal ko ang likuran sa railings sa gilid niya. Nilagay ko ang mga kamay sa kilikili. Mas naaaninag ko na ang mukha ni Isay.

“Actually...” lumiwanag ang baga ng sigarilyo. Sumunod ang makapal na usok. “Pinag-isipan ko talaga kung ano bang gusto kong gawin. Just when I started working, na-realize na puwede ko pa lang ‘tong gawin nang *sabay*.”

Hindi ako sumagot.

“Tapos na ‘yung workshop kay Sir Oreo. Ibang kuwento ‘yung pinasa ko. Pure fiction. Nagustuhan naman ng iba. ‘Yung iba pa, indifferent. But since then, hindi na ‘ko nakapagsulat ulit ng kuwento. Anyway... di ba dati torn ako kung pure fiction o creative non-fictionist? Well, ngayon, wala naman na talaga ‘kong choice. Writer na ‘ko sa dyaryo. Pero gusto ko pa rin ng katha. So...”

“Kaya ba ‘ko nandito?” tanong ko.

Nangiti siya. “Kumusta sa call center?”

“Hanggang ngayon ba kailangan pa kitang diretsuhin para magkuwento ka? Kaya pumalpak ako kasi sarili mo ‘yung inuungkat mo. Imbis na ako,” hindi ako tunog galit. O tunog galit ako? Pero sa dinig ko sa sarili, para ko lang sinabi kung anong sobrang halata.

Dumiretso sa pagkakatayo si Isay at humitit ulit ng sigarilyo.

“Dalawang taon na ‘kong nagyoyosi,” simula niya. Bumunot uli siya ng sigarilyo mula sa pakete galing sa balsa ng blazer. “Yung friend kong nagturo sa ‘kin, nag-quit na. Pati ‘yung iba kong friends simula magtrabaho, tumigil na rin. Pati ‘yung mga katrabaho kong dating nagsisigarilyo,

tumigil na rin. Looking back sa buhay ko, wala akong maalalang nag-quit ako sa mga bagay na sinimulan kong gustuhin.”

Sa loob-loob ko, gusto kong tumawa. Hindi ko alam kung bakit.

“So ‘yun ‘yung dahilan kung bakit ka nandi... kung bakit ako nandito?”

Hindi siya sumagot. Mahabang patlang sa pagitan naming dalawa. Parang ganito rin nu’ng magkita ulit kami sa MRT dati. Tahimik lang ako nu’n, businahan nang businahan ang mga sasakyan, maingay ang ugong ng mga makina, naghahalo ang timbre ng mga boses ng mga tao na papunta kung saan man. Lahat ‘to. Lahat sila. Sumisimbolo sa tuloy-tuloy na paggalaw ng paligid. Habang ako. Nandu’n. Nakatengga. At biglang dumating si Dalisay. At nagsalita. At si Dalisay na lang nang si Dalisay. Hanggang sa wala akong kaalam-alam nu’ng una na nakasalalay na pala sa iba ang sarili kong pag-usad. At iniwan. At binalikan. At... mapapangunahan ko na naman ‘tong kuwento.

Humarap si Dalisay pero hindi sa ‘kin. Humarap siya sa kabilang dulo ng walang katao-tao, walang kaluluwang overpass. Ni hindi siya nag-aksaya ng panahon na daplisian ako ng tingin.

“Don’t quit,” umiling-iling siya habang nakangiti. “I was on the verge though. Pero hindi. Buti na lang hindi. Buti na lang I remembered nu’ng nandu’n tayo sa may Paramount. ‘Yung mga sinabi ko sa ‘yo, why I write fiction,” tumingin siya sa sahig. Nilagay rin ang mga kamay sa kilikili.

“You are not real. You are just a narrator na kinukuwento ‘yung mga naganap nang hindi kailangan sabihin pero ipakita. Look at you. Wala ka ngang mukha. Ang ginawa mo lang buong istorya, ikuwento ‘yung mga nangyayari sa ‘kin. Sa ‘tin, fine. Wala kang ibang description bukod sa ulik-ba. Lumulutang kang kulay itim na hugis tao. Isa kang palpak na streamline.”

Napatingin na lang ako sa sahig.

“Bakit mo ‘ko binalikan kung palpak pala ako?” sabi ko.

“Kasi...” pinipili niya ‘kung anong tamang salitang gagamitin. “I made you like this. And I’ll take responsibility.”

“Sagutin mo muna ‘yung mga tanong ko.”

“Sure.”

“Bakit kapag may importante kang gawain na natapos o naalala, sa ‘kin ka lumalapit?”

“Hindi ako lumalapit sa ‘yo, baliw. Binabalik-balikan lang kita. Gets? Hindi kita priority nu’n. Hanggang ngayon. Kung priority kita, matagal ko na ‘tong tinapos. May mga fireworks, may mga bulaklak, may lumilipad na mga paruparo and all that cliché shit. Hindi kita tinatapos kasi hindi kita priority. Somehow... come to think of it. You should be grateful.”

“Yung looban gusto mo silang isulat, di ba? Bakit hindi ka muna mag-research? Para masulat mo akong matino?”

“Saka na ‘yun. Ibang istorya na ‘yun. Let this story be a failure as it is. ‘Yung mga nasa looban...” bumuntong-hininga si Isay. “Alam mo ba kung bakit wala ng mga alitaptap dito?”

Hindi ako sumagot. Matagal siyang tumahimik.

“Kapag malinis ‘yung hangin, saka lang nandu’n ‘yung mga alitaptap. So it means, once ma-contaminate ang air beyond their tolerance level, off they go. Some of them seek habitable places. Some, die. At once na umalis na sila, hindi na sila bumabalik sa lugar na ‘yun,” tumingin sa ‘kin si Isay. Matagal. Hindi tumatagos na mga tingin tulad nang dati.

“Isn’t that nice? The idea na hindi mo na kailangan bumalik?” tuloy niya. “‘Yung idea na abante ka lang nang abante? Sure, lilingon-lingon ka. Makakaalala. Pero hindi mo na nanaising bumalik para maramdaman ulit ‘yung nalampasan mo na. Lalo na kung ayaw mo naman talagang balikan. Pero hindi tayo tulad *nila*,” umiling si Isay. “Kung sana mga alitaptap lang tayo na permanenteng lumilisan kapag hindi na malinis ang hangin. Pero hindi, eh. Hindi.”

Tumahimik kaming dalawa. Bumunot ulit si Isay ng sigarilyo at nagsindi. Hitit. Dahan-dahang buga. Pinagmamasdan niya kung paanong umikot-ikot ang ulap ng usok habang mabagal ‘tong humahalo sa hangin. Hinawi-hawi niya gamit ang kamay na may yosi sa pagitan ng dalawang daliri. Kumalas ang isang alipato mula sa baga ng sigarilyo. Tuluyan ding naglaho sa dilim.

Nawala ang usok.

“Malinaw na ba? Naiintindihan mo na ba ‘yung mangyayari?” tanong sa ‘kin.

“Hindi sa ‘yo... baliw,” biglang sabi ni Isay. Nginitian ako.
Sa ‘yo.

Hawak-kamay, niyakag niya ‘ko tungo sa site kahit may mga konstru pang tuloy sa construction. Mistulang naglalakad kami sa entablado, spotlight ang malakas na ilaw ng mga poste galing sa labas ng gusali. May smoke effects galing sa alikabok at sako-sakong buhanging binabagsak ng mga piyon at hinahalo’t sinasala ng mga mason. Background music namin ang pasigaw na utos ng mga foreman, pag-glug-kush-glug-kush ng mixer, pagbanggaan ng mga bakal, paghakot ng pala sa graba, at pag-rebolusyon ng mga hindi ko kilalang makina.

Hindi kami pinapansin ng mga tao sa site. Maging ang dalawang lalaking nakasalubong namin na may hawak na blueprint, hindi kami nilingon. Umakyat kami sa hagdan. Pataas nang pataas. Paikot-ikot. Mabagal na tumungo sa pinakatuktok na gawang palapag.

May crane sa pinakatuktok. Parito-paroon, kaliwa-kanan, baba-taas ang nguso sa pagdampot at paglipat ng mga bakal. Abala ang mga trabahador sa kani-kanilang trabaho.

“Punta tayo, du’n,” tinuro ni Isay ang walang harang na dulo ng palapag malapit sa haligi. Walang tao du’n. Wala rin gaanong materyales na nakakalat.

Nakasunod sa kanya, nagtanong ako, “Bakit parang hindi nila tayo nakikita?”

Lumingon si Isay. Ngumiti. “Kasi gusto ko.”

Hindi siya huminto sa paglalakad, iniawasan ang ilang nakausling bakal at tambak ng tabla.

“Ang ganda ng view,” huminto siya sa may dulo na mismo. Isang hakbang paharap, ilang segundo lang ang magiging pagitan niya sa lupa. Siguradong hahalo ang dugo sa graba at buhangin. Humawak siya sa haligi. Hinahangin ang blazer niya, pati ang buhok niyang kulay kalawang na ngayon. “Lapit ka dito, tingnan mo.”

Humakbang ako palapit sa kanya pero likuran lang niya ang kaya kong abutin. Hindi ko siya matatabihan. Sa kaliwa niya, may patong-patong na bakal na mukhang mga metal sheets na nilalagay sa mga kalsadang malalalim ang bako. Tumungo ako sa may kabilang dulo ng bakal, sa isa

pang haligi, at doon sumandal. Mga apat na dipa ang pagitan namin sa isa't isa.

“Bakit ang layo mo?” tanong niya. Sumandal rin si Isay sa haligi at magkaharap na kaming dalawa. Hinahangin ang buhok niya, natatakpan ang mukha, pero hinawi niya ang buhok papunta sa may batok, naipon sa kaliwa niyang balikat. Sinuksok niya ang mga kamay sa bulsa ng blazer. “Galit ka ba?”

Umiling ako.

“Bakit?” si Isay.

“Anong bakit?”

“Ang layo mo?”

“Hindi ako makatabi sa ‘yo. May harang, oh,” ngumuso ako sa mga bakal na namamagitan sa ‘min.

“Tanggalin ko ba?”

“Wag na,” sabi ko. “Okay na ‘yan. Mas nakikita kita nang malinaw kapag ganito,” kanang hintuturo sa kaliwang hinlalaki, kanang hinlalaki sa kaliwang hintuturo, nilapit ko ang parihaba sa tapat ng kaliwa kong mata. “Pag malapit hindi ko makuha ‘yung buong picture.”

Nag-pose siya nang pang-model.

Nagtawanan kami.

“Ayun.”

“Ayun.”

Tumingin ulit si Dalisay sa labas. Inayos ang salamin sa mata.

“Sobrang dami nang nagbago talaga dito, ‘no?”

Medyo oo, medyo hindi. Kita namin ang kutitap ng mga bahay at gusali sa abot-tanaw, mga punong hindi makatangging makipagsayawan sa hangin, ang tayog ng monumento na pinamamahingahan ni Quezon, ang pagkindat ng mga blinker ng mga sasakyan, ang mga nanlilisik na headlights, ang mga kaluluwang lagalag na naghahanap ng kabuluhan sa napakalawak na lupa, at siyempre, kaming mga alitaptap sa North Avenue na malapit na ring sukuan ang nakasususulasok na siyudad.

“Feeling ko, dito sa kinatatayuan ko ‘yung dating puno kung saan ako nanghuli ng alitaptap, sa tingin ko lang naman. ‘Yung distance sa kalsada saka... ewan... ‘yung amoy. Weird,” tumawa siya. “Never mind.”

“Bakit ka pala natagalan?”

“Balikan ka?”

Tumango ako.

“Marami. Busy. Sa buhay. Sa paghahanapbuhay. Well, saka I was in a relationship with Woody. *Was*. I can’t make love to you if he wants to make love with me,” tumawa siya. “Sa ‘kin lang ‘yun. Hindi siguro applicable sa iba. Wala. Nagkasawaan din kami. Actually gusto niya makipagbalikan. Pero masyado akong maraming naaalala. Naaalala ko na masaya kami. Sure. Kaso ‘yung, ano, ‘yung masaya na nakakalunod? Ganu’n. Masaya na umabot sa point na naiwan ko ‘yung panulat ko. Tuwing naaalala ko na nahinto ako sa pagsusulat... naaalala ko kung bakit ako nagsulat,” tumingin sa ‘kin si Isay.

Hindi ako umimik.

Matagal kaming tahimik. Matagal na matagal. Mas matagal pa kaysa sa mga dating blangkong papel na kinailangan pang sulatan para umusad ang istorya nitong, naming dalawa.

“Naisip ko lang,” basag ko sa katahimikan. “Anong naiisip mo kapag nandito ka? Ibig ko sabihin... kapag nakikita mo ‘tong lugar kung sa’n ‘yung kabataan mo, ta’s ganito na ‘yung itsura?”

Tumingin si Dalisay sa ‘kin ng ilang segundo bago sumagot.

“Truthfully... wala. Wala lang. See, sure dito ako lumaki. Sure may mga masayang bagay rin dito. Pero masaya na ‘ko ngayon, eh. Kuntento na. Masama ba ‘pag sinabi kong okay lang? Na wala lang sa ‘kin kahit sagarin nila ‘yung mga bahay ng mga skwater du’n sa may ano...” tinuro niya ang gawing pa-Quezon Ave, sa may gawing likuan ng tren pailalim ng basement parking ng mga bagon. Marami-rami pang barong-barong du’n. “Wala akong paki. Maaawa, oo. Pero may gagawin? Aaksyon? Gusto. Pero mas uunahin ko na lang maghanapbuhay kaysa makibaka. Wala akong kakainin sa kalsada. Sa kakasigaw. Mas hinihingi ng buhay na maghanapbuhay ako para mabuhay. Mean. Pero, totoo. O siguro bata pa ‘ko.”

Muli. Walang imik.

Saka ko nakita. Sa pagitan naming dalawa, sa taas ng mga bakal na naghaharang sa ‘min, mas makinang pa sa mga palamuti ng siyudad. Bigla na lang lumitaw.

Mga alitaptap.

Pasulpot-sulpot ang kislap papalapit sa ‘kin. Tumingin ako kay Isay.

“We’re dragging this too much now.”

“Saglit na lang,” pagsumamo ko.

Bumuntong-hininga siya.

“Nu’ng gabing ‘yun, hindi ko talaga alam na tutulongan mo ‘ko,” simula ulit ni Isay. “Parang... how should I put this... parang ‘Poof!’ you’re there.”

Hinuli ko ang alitaptap na papalapit sa ‘kin. Kanang kamay. Sinilip ko.

Liliwanag.

Didilim.

“Then bigla ka na lang nagbigay ng instructions.”

May alitaptap na lumalapit kay Isay. Doon na nakabaling ang atensyon niya. Sinubukan niyang hulihin gamit ang dalawang kamay.

“Ano nga ulit ‘yung sabi mo nu’n? Paano ulit?” tumingin-tingin siya sa ‘kin. Hindi naalis ang mga ngiti sa labi. “Wag kang maingay? Panoorin mo muna sila?”

Sinubukan niya ulit hulihin ang mga alitaptap. Hindi umaalis ang mga ‘to sa harapan niya. Mukhang nananadyang magpaangkin.

“Then you said gamitin ko ‘yung kamay ko saka ‘yung garapon. Mas madali kasi ‘yung ganu’n. Well, ngayon, hindi ko na siguro kailangan ng garapon. I’ve grown since. Obviously.”

Nahuli niya ang isa. Inulit pa niya... at inulit... at inulit.

“That was the start of your existence,” nginitian niya ‘ko. “Yun ‘yung first time kong malaman na isa sa pinakamalakas na kapangyarihan ng normal na taong tulad ko, ‘yung batang ako, ‘yung simpleng ako, ay ‘yung mag-imagine. Kumatha...”

Sinilip-silip niya ang alitaptap sa pagitan ng dalawa niyang kamay.

Saka binuksan ang palad.

“... and I’m very grateful for that. Ang mali ko lang, isiniksik ko ‘yung sarili ko sa mundong ‘to. *Ulit*. Nasabi ko na ata lahat. Salamat sa ‘yo.”

Ganu’n lang. Ganu’n ganu’n lang. Lumipad ang dagitab.

Mabilis siyang naglakad palayo. Nag-aalikabok ang dinadaan niya sa bawat paglapat ng talampakan ng sapatos. Hindi tulad ng dati, hindi na

tungo sa mga barong-barong ng looban. Dali-dali siyang lumilisan pauwi kung saan man ang bago niyang tahanan, tunay niyang tahanan.

Sana puwede siyang lumingon tulad dati. Dahil ngayon, alam kong ako na ang lilingunin niya.

“Flashback joke?” malakas niyang sabi habang tuloy sa pag-usad.

Hindi siya lumingon.

Muli, sinilip ko ang nahuli kong alitaptap sa loob ng kamay.

Liliwanag.

Didilim.

Abril 2016

Sto. Domingo, Quezon City